



SOUTHWEST GAS CORPORATION

May Ipinapatupad na Mga Proteksyong Tulong sa Panahon ng Sakuna ang Southwest Gas para sa Mga Kostumer sa California bilang Pagtugon sa COVID-19

Noong Marso 4, 2020, nagdeklara si Gobernador Newsom ng State of Emergency na kaugnay ng COVID-19. Ipinatupad ng Southwest Gas ang Programa ng Pang-emergency na Tulong sa Panahon ng Sakuna (Emergency Disaster Relief Program o EDRP) ng California, na nagkabisa noong Marso 4, 2020. Ito ay mga proteksyon sa kostumer na iniatas ng Komisyon sa mga Pampublikong Utility ng California para tulungan ang ating mga kostumer sa California sa panahon ng idineklarang emergency na ito. Patuloy na magbibigay sa inyo ang Southwest Gas ng ligtas at maaasahang serbisyo sa natural gas sa panahon ng emergency sa COVID-19 na ito.

Ipatatupad ang mga sumusunod na proteksyon sa kostumer ng EDRP sa mga kostumer ng Southwest Gas sa California hanggang sa hindi lalagpas sa Marso 4, 2021:

Suspindido para sa lahat ng kostumer ang mga diskoneksyon nang dahil sa hindi pagbabayad; ipagpapaliban din ang mga kinakailangan para sa mga deposito at late fee

- Para sa lahat ng kostumer sa California ng Southwest Gas, suspindido ang mga diskoneksyon nang dahil sa hindi pagbabayad sa panahon ng idineklarang emergency sa COVID-19.
- Ipagpapaliban ang mga deposito para sa mga residenteng kostumer na makikipag-ugnayan sa Customer Assistance ng Southwest Gas at magpapahayag mismo na apektado sila ng idineklarang emergency sa COVID-19. Ipagpapaliban ang mga deposito para sa mga hindi residenteng kostumer. Mananatiling may bisa ang pagpapalibang ito hanggang Marso 4, 2021.
- Hindi pababayaran ng Southwest Gas ang mga late fee ng mga kostumer na hindi nakakapagbayad ng kanilang mga bayarin sa nakatakdang panahon.
- Ang mga nahuling pagbabayad ay hindi iuulat sa mga ahensiya na nag-uulat ng kredito o sa iba pang serbisyo ng pangongolekta/kredito.
- Hindi magkakaroon ng interes sa mga hindi pa nababayaran balanse.

Mga opsyon sa plano ng pagbabayad

- Kung apektado ka ng idineklarang emergency sa COVID-19 at mayroon ka pang hindi nababayaran balanse sa account at lumipat ka ng lugar, maaari mong mapakinabangan ang plano ng pagbabayad kapag nagpapakabit ng serbisyo sa iyong bagong tirahan.
 - Ang una mong pagbabayad ay hindi lalagpas sa 20% ng kabuuang halaga na dapat mong bayaran. Sisingilin ang natitirang balanse na hahatiin sa mga buwanang paghuhulog sa loob ng hindi bababa sa labindalawang buwan.
- Kung apektado ka ng idineklarang emergency sa COVID 19 at mayroon kang aktibong serbisyo at hindi pa nababayaran balanse, may magagamit kang plano ng pagbabayad.
 - Ang una mong pagbabayad ay hindi lalagpas sa 20% ng halagang dapat bayaran. Sisingilin ang natitirang balanse na hahatiin sa mga buwanang paghuhulog sa loob ng hindi bababa sa walong buwan.
- Walang multa sa mas mabilis na pagbabayad ng natitirang balanse.
- Hindi magkakaroon ng interes para sa hindi pa nababayaran balanse.

Mga karagdagang proteksyon para sa mga kostumer na kwalipikado batay sa kita

- Ang mga residenteng kostumer na kasalukuyang nasa programa ng diskwento sa bayarin ng CARE ay kwalipikadong magpatuloy pa rin sa CARE hanggang sa hindi lalagpas sa Marso 4, 2021 (ang 12buwang panahon pagkatapos ng idineklarang emergency sa COVID-19). Ang mga kostumer na kwalipikado batay sa kita ay patuloy na makakatanggap ng diskwento sa bayarin ng CARE pagkatapos nito.
- Sususpindihin sa panahon ng idineklarang emergency sa COVID-19 ang lahat ng pag-aalis sa programang CARE. Suspindido rin ang mga kahilingan para sa recertification at pagpapatunay ng kita.
- Suspindido ang mga kahilingan para sa recertification para sa Medical Baseline Allowance.

Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong bayarin, maa-access mo ang iyong account nang online sa pamamagitan ng [MyAccount](#) o tumawag sa Customer Assistance sa [877-860-6020](#).